

1

Nag-aalangan si Veronika kung papasok sa nakasaradong pinto ng study room ng ama. May pakiramdam siyang kakaiba. Nang ipatawag siya nito sa kanyang kuwarto ay alam niyang may masinsinang pag-uusap na magaganap sa pagitan nila nang hapong iyon.

Humugot siya ng malalim na buntong-hininga at malalaki ang mga hakbang na dumerecho pagkabukas ng pinto. Nakaharap ang ama, halatang inaasahan siya.

“Hi, Pa,” bati niya. “What are we going to talk about?” tanong niya kahit pa may ideya na siya kung bakit siya gustong kausapin nito.

Tumuwid sa pagkakaupo sa swivel chair si Albert.

“The time has long passed for you playing easy-go-lucky,” simula nito. “I have been giving your future a great deal of thought, as you already know, at ang pinakahuling atraso mo ang tuluyang nagkumbinsi sa akin na gawing pinal ang desisyon ko. Now sit down and listen to what I have to say.”

Tama ang hula niya. “So, magle-lecture na

naman kayo?” nakangiting sabi niya. Mabilis siyang umikot sa mesa nito at umupo sa kandungan nito. Inihilig niya ang ulo sa dibdib ng ama, kapagkuwa’y tiningnan niya ito sa mga mata, tinging nakikiusap at naglalalambing. “I am so sorry if I have upset you terribly, Papa. I promise hindi ko na ulit gagawin ang ginawa ko kagabi.”

Napangiti siya sa sarili nang pumasok sa isipan niya ang nangyari. Kagabi ay um-attend siya sa birthday party ni Maurice, kaklase niya noong high school. She was enjoying the night with her old acquaintances pero nasira ang mood niya nang yayain siyang sumayaw ng isang lalaking nakalimutan na niya ang pangalan. Natatandaan lang niyang nagpakilala itong anak ng isang city councilor sa Iloilo City. As if it mattered to her. Kahit ayaw niyang makipagsayaw sa lalaking iyon ay pinagbigyan niya ito dahil ayaw niyang mapahiya ito at si Maurice na nakiusap pang pagbigyan niya ang bisita nito.

Sa simula pa lang ay na-turn-off na siya sa lalaki dahil sa kayabangan nito. Walang tigil ito sa kadadakdang tungkol sa mga properties ng pamilya nito. But, she remained polite and civil with him. Ang ipinanggalaiti niya ay ang lantarang pananantsing nito sa kanya. At walang habas pang nagtanong kung papayag siyang makipag-one-night stand dito.

Nabastusan siya kaya nang muling idikit nito sa kanya ang katawan ng lalaki, itinulak niya ito. Hindi niya alam kung dahil sa lakas ng pagkakatulak niya o sa kalasingan nito kaya sa swimming pool ito bumagsak.

Nadagdagan ang pagkulo ng dugo niya nang murahin siya nito sa harap ng maraming tao. Hindi siya gumanti sa kabastusan ng bunganga nito. Instead, she marched off the lawn and headed toward the parking area to her car. Sinundan siya ni Maurice at nag-apologize ito sa inasta ng bisita nito. She assured him that she was fine and it was better kung uuwi na lang siya. Paalis na siya nang may naisip siyang gawin para makaganti sa pambabastos ng lalaki. Tinanong niya si Maurice kung alin ang kotse ng bisita nito.

Itinuro nito ang isang pulang sports car. Nang iwan siya ni Maurice ay hindi siya kaagad umuwi. Pinaalis lang niya ito at bumaba siya ng sasakyan at tinungo ang garahe. Tatawa-tawa pa siya nang buhusan niya ng itim na pinturang nakita niya sa garahe ang kotse ng lalaking nambastos sa kanya. Pinintahan pa niya ng salitang 'LOSER' ang windshield niyon. At malakas ang halakhak na umalis siya roon pagkatapos ng ginawa.

“Papa, may valid reason kung bakit ko ginawa iyon.” Alam niyang makukumbinsi niya ang ama.

“Naiintindihan ko ang ibig mong sabihin,” sagot nito, napapabuntong-hininga. “We could report that man to the police. Hindi mo dapat ginawa ang ginawa mo.”

“Bakit, nagdedemanda na ba ang pamilya ng jerk na iyon?”

“Sa ngayon, wala pa akong naririnig na ganoon. But I am preparing myself for that possibility.” Itinayo siya ng ama. “Veronika, kung dati-rati ay nadadala mo ako sa pagpapa-tweetums mo sa akin, not this time.”

“Why, Papa,” she exclaimed innocently, eyelashes in full flutter, “whatever do you mean?”

“Alam mong hindi lang iyon ang dahilan kung bakit kita gustong kausapin sa ngayon. Veronika, alam mong hindi kita pinayagang lumabas kagabi, right?”

She nodded. Totoo ngang hindi siya pinayagan ng ama dahil sinabi nito sa kanya na grounded siya dahil sa ginawa niyang atraso sa huling party na dinaluhan niya kung saan nilagyan niya ng jalapeno ang pagkain ng isang babaeng nakainitan niya. Tinakot niya si Cheche, ang kasambahay nila na magpanggap na siya at pumuslit siya palabas ng bahay nila. Dumaan siya sa likod ng bahay at tumalon sa gate kung saan

naghihintay sa kanya ang mga kabarkadang sumundo sa kanya. Sinabihan niya si Cheche na mahiga sa kama niya at magkunwang natutulog kapag iche-check siya ng ama. Nagtagumpay sana ang plano niya kung hindi siya nabastos sa party ni Maurice.

Damn that bigheaded jerk!

“Ang nangyari kagabi ang pinakahuling beses na pag-tolerate ko sa ’yo,” anang papa niya. “Inaamin kong may kasalanan rin ako kung bakit lumaki kang matigas ang ulo, dahil pinalaki kitang nakukuha lahat ng gustuhin mo. And your older brothers are no better. But with Karl riotously living his own life, at iniwan na lang sa yaya ang pag-aalaga sa anak niya, and those scamps Kris and Kirk always away, it has dawned on me that I have to treat you with an iron hand.”

“But, Papa...”

“Don’t interrupt me when I’m trying to make a point!” her father ordered. “To continue, noong isang buwan lang ay umiiyak na nag-report sa akin si Aling Miling at sinabi sa aking nagprisinta kang kulayan ng itim ang buhok niya dahil sinabi mo raw na lumalabas na ang mga puti niyang buhok, pero laking gulat niya nang makitang green ang kinalabasan ng pagda-dye mo sa buhok niya. Ikaw

din ang nagkumbinsi sa driver ni Camille na i-test drive mo ang bagong kotse ng pinsan mong iyon, at nang maalala mo ang misunderstanding ninyong dalawa ay sinadya mong ibangga ang kotse niya sa poste. Ikaw din ang tumawag sa office na i-announce sa lahat ng employees na day off noong Friday dahil sinabi mong pinasasabi ko. Ikaw din—”

“Yes, Papa, but—”

“No buts, Veronika. Sumasakit na ang ulo ko sa kaiisip sa mga pinaggagagawa mo. You are twenty-three now. And it is high time for you to put an end to these childish pranks. Kailangan mong pag-aralan ang tamang asal na nararapat sa isang dalaga. Lalo pa at three months na lang darating na sina Richard at Laura kasama si Stan galing Manhattan. Matagal ka na niyang gusto at botong-boto sa ’yo ang parents niya.”

Upon hearing her father’s pronouncement, Veronika hopped to her feet. She decided to go out the room, but paused when she remembered something and whirled around to face her father.

“How utterly ridiculous! Papa, ilang ulit ko nang sinabi sa inyong huwag ninyo akong ima-matchmake kay Stan. I don’t give a heck kung matagal na ninyong gustong magkatuluyan kami. Once again, I tell you

this, I won't have it, do you hear me? I am not one of your thoroughbred horses to be groomed and polished and sold to your friend's son! Also, I wonder if you can find any male in the whole world who'll be courageous enough to take me on once I've made it known that I, Madonna Veronika Herrera, bow to no man!"

Tigagal ang ama. Nararamdaman niya na unti-unti na siyang nananalò. Ulit. Lumalambot na ang puso ng papa niya at nagbabago na ang desisyon nitong ipagkasundo siya sa anak ng kaibigan nito. All she had to do now was produce half a dozen convincing tears and perhaps a few heart-rending sobs and the deed would be done. Tiyak na makukumbinsi niya ang ama at sa muli ay magiging malaya siyang gawin kung ano ang gusto niya sa buhay niya.

"Bakit, ano ba ang inaayawan mo kay Stan at sobra-sobra ang pagtangga mo sa kanya?"

"Papa, you're missing the point entirely," she said. "Stan is nice. Pero, hindi 'yan ang ibig kong sabihin. It is not just the marriage between Stan and me that I wish to avoid. It is the subject of marriage in its entirety!"

"Twenty-three ka na. You are of marriageable age, Ronnie, and you will marry. That is the beginning, the

middle, and the end of it. No questions, no debate, no open forum wherein you may express your ridiculous theories about marriage.”

“You are heartless, Papa,” saad niyang sobrang sama ng loob. Suminghot-singhot pa siya na kunwari’y naiiyak siya dahil sa ini-impose nito sa kanya.

Sandaling tumahimik ang ama na tila nag-iisip. From the corner of her eye, she could see her father’s trembling hands on the desk. May pakiramdam siyang mapapasuko niya ito.

Mayamaya pa ay muling nagsalita ito. “Sige, kung ayaw mong magpakasal kay Stan, kailangang gumawa tayo ng agreement. You know I am always fair.”

Nabuhayan siya ng loob. Tama nga siyang hindi siya matitiis nito. “Anong agreement?”

“You are to go to *Villa Santiago*—with Cheche—and spend summer with your maternal grandmother, Kristina Santiago.”

Ang *Villa Santiago* na sinasabi ng ama ay nasa bulubunduking bahagi ng Libacao, Aklan. Minsan na siyang nakapunta roon. Sa tulad niyang city girl, malayong magustuhan niya ang ganoon ka-provincial na lugar lalo pa at may kasungitan at pagkaistrikta

ang Lola Kristina niya, her mother's mother.

“*Villa Santiago*? Good heavens, Papa, why don't you just ship me off to the far side of the moon and be done with it?” Naiinis siya. Akala pa naman niya ay magiging advantage sa kanya ang proposition ng ama.

“All right. Kung gusto mong manatili dito, mas maganda, para magkasama nating paghandaan ang pagdating ni Stan,” napapangiting sagot nito.

She wrinkled her nose in distaste. “Sa tingin ko ay maganda ang *Villa Santiago* na gawing summer getaway, with all those gigantic mountain ranges and thousands of coconut trees in the villa,” pasarkastikong saad niya. “Proceed, Papa, I'm listening. I believe you were about to explain this wager of yours.”

Her father smiled widely. “Ah, yes, the wager. Kapag hindi ka nakagawa ng kahit na anong kalokohan, a single incident, katulad ng ginawa mo kagabi, sa loob ng dalawang buwang pananatili mo doon sa villa, I will never again bring up the subject of marrying you off to Stan or fight your refusal to look about for a suitable husband.”

“And if I fail?” she asked, not much liking the smile on her father's face.

“Nagugulat ako sa ’yo, Ronnie. Kailan ka pa nawalan ng bilib sa sarili mo? Well, if you fail, then of course, uuwi ka dito at magkasama tayong maghihintay sa pagdating ni Stan.”

“How utterly boring.” Naisip niyang makakaya niyang pagtagumpayan ang kasunduan nilang mag-ama. After all, ano ba ang dalawang buwang pananatili niya sa *Villa Santiago* ikumpara sa habang-buhay niyang kalayaan? “All right, it’s a deal then, Papa. And I tell you, pagkatapos ng dalawang buwan, uuwi ako ritong panalo.”

“No, Francine, you can’t go here,” giit ni Matt sa nobya. Kausap niya ito sa cell phone. “Besides, hindi ako magtatagal dito. Two days lang ako dito sa Boracay.”

Nasa Bacolod ang dalaga at naiinis sa kanya dahil hindi niya ito isinama sa weekend trip niyang iyon.

“Siguro, may tinatago ka sa akin kaya hindi mo ako isinama,” pagmamaktol nito. Halos nakikita na niya ang pagsimangot nito. “Siguro, may ibang babae kang kasama diyan.”

Napapailing siya. “You know that’s not true, Francine.” Minsan ay nasasakal na siya sa

possessiveness nito. “Sinabi ko na sa ’yo na business trip ito, di ba?” May meeting siya sa ilang foreign investors na naghahanap ng patatayuang commercial center sa Aklan.

“Siguraduhin mo lang na nagsasabi ka ng totoo,” anito, may pagbabanta sa himig.

Maalaga ito at mahal na mahal siya. Bukod pa sa ubod ito ng ganda at kakilala niya ang pamilya nito. Her father was one of his business associates at botong-boto ito sa relasyon nilang dalawa. Pero kung minsan, hindi niya maiwasang mainis sa paggiging over-possessive ng babae. Napakaselosa nito at insecure. Lately, kinukulit siya nito kung kailan sila magpapakasal. Ang madalas niyang isagot: hindi pa siya ready.

Actually, popping the question to her was not on his agenda. In fact, ilang beses na siyang nag-attempt na hiwalayan ito. Ilang beses na rin itong nagmakaawa sa kanya na huwag niya itong iwan. He didn’t love her anymore, perhaps he never did.

“Matt, are you still there?”

“Yeah, yes... I’m here,” aniyang tila naalimpungatan. “What did you say?”

“Ang sabi ko, pag-uwi mo ng Bacolod, dito ka sa

Lying Lips - Kizza Grace

bahay ko dumerecho. I have a very nice surprise for you.” Her voice was sensual and seductive.

He closed his eyes. The image of Francine’s sexiness flashed in his mind. The only thing which connected him to Francine was purely sexual. And he knew that he was being unfair.

2

“This means war!” Inis na inis si Veronika habang paroo’t parito sa loob ng kuwartong itinalaga sa kanya sa malaking bahay ng Lola Kristina niya.

Isang linggo na sila roon sa Villa Santiago. Sinamsam ng papa niya ang mga cell phones nila ni Cheche bago sila umalis ng Iloilo. Baka raw gamitin pa niyang kasangkapan iyon sa anumang plano niyang kalokohan. At kani-kanina lang ay sinabi ng Lola Kristina niya na hindi siya puwedeng lumabas ng villa. Napakalawak umano ng lupaing sakop ng *Villa Santiago* kaya hindi na niya kailangan pang lumayo.

“Hindi ko alam kung paano natatagalan ni Kuya Alex ang Lola Kristina,” patuloy niya.

Si Alexander ang nag-iisang pinsan nila sa side ng mama niya. Anak ito ng Tito Francis niyang nakakatandang kapatid ng mama niya. Nang sabay na mamatay sa aksidente ang mga magulang nito ay ang Lola Kristina na ang tumayong magulang ni Alexander. Magkasundo sila nito. Pero hindi niya naratnan doon ang pinsan.

Ayon sa lola niya ay may inaasikasong negosyo si

Alexander sa Guimaras. At doon madalas namamalagi ito. Kaya naman tatlong araw pa lang siya sa Aklan ay halos mabaliw na siya. Her grandmother was so strict. Pakiramdam niya, para siyang isang bilanggo.

“Bakit ka kasi pumayag sa kasunduan ninyo ni Sir Albert?” paninisi pa ni Cheche, na tulad niya ay kababakasan din ng pagkayamot.

Nadamay tuloy ito sa pag-e-exile sa kanya.

“As if may choice ako,” irap niya at marahas na hinila ang blinds sa bintana.

Kung may konsolasyon siya sa pagpunta sa *Villa Santiago*, ito ang magandang kapaligiran. Mula sa bintana ng kuwarto niya ay tanaw niya ang higanteng kabundukan na hindi pa nasisira ng tao. Mula sa terrace sa kabilang bahagi ng bahay ay matatanaw ang malawak na ilog na balak na niyang puntahan sa susunod na mga araw. Pero kahit mukhang paraiso ang lugar na iyon, hindi pa rin kayang alisin niyon ang pagkainis niya dahil sa sinapit.

She missed Iloilo. She missed her friends. She missed everything she had left. Kung bakit ba kasi pinipilit siya ng papa niya sa isang bagay na ayaw na ayaw niya.

“Alam ko na!” mayamaya ay palatak niya.

Nilapitan niya si Cheche na nakaupo sa kama at hinila ito patayo. “Nakita ko ang motorsiklo ni Kuya Alex sa garahe kanina.”

“Hep! Mukhang alam ko na ang pinaplano mo. Sasabihin ko sa ’yo, Ronnie, kahit amo pa kita. Hindi ako makakapayag na gawin mo kung anuman ang nasa isip mo,” ani Cheche at mabilis na iniharang ang katawan nito sa pintuan.

Pero, mas mabilis si Veronika. Nailagay na niya ang isang paa sa pinto bago pa man iyon tuluyang maisara ni Cheche. At wala nang nagawa pa ang huli nang lumabas siya at mabilis na ini-lock ang pinto mula sa labas.

“Walang makakapigil sa gusto kong mangyari,” natatawang sabi niya at hinugot ang susi sa knob. Parang bingi siya sa pakiusap ni Cheche na buksan niya ang pinto. “Matulog ka diyan hanggang gusto mo!” At walang lingon-likod na lumakad siya palayo. She deserved one great adventure and she would do it right.

Maingat na nagmaneho si Matt habang tinatahak ang konkreto ngunit matarik na daan patungong Libacao. Maaga siyang umalis ng Boracay kanina.

Pero tumawag sa kanya si Emmanuel Del Mar. May ibenebenta itong lupa sa kanya sa Rosal, sakop ng Libacao, at tingnan umano niya. Sa halip tuloy na umuwi ng Bacolod ay sumaglit siya sa Kalibo at naghanap ng sasakyang puwede niyang i-rent para gamitin papunta sa Rosal.

Nag-check in siya sa *Sampaguita Garden* para iwan ang mga gamit doon, balak niyang bumalik din nang hapong iyon sa Kalibo at kinabukasan na siya uuwi ng Bacolod.

Pagkalipas ng mahigit kalahating oras na pagmamaneho sa papataas na kalsada ay may natanaw siyang pangalang nakapinta sa malaking bato sa ibabaw ng bundok.

Villa Santiago.

It was his first time to visit Libacao. Na-curious siya sa villa. Ang sabi sa kanya ni Emmanuel ay madadaan niya talaga ang *Villa Santiago* papuntang Rosal. Kung ganoon ay malapit na siya sa destinasyon niya. Tatawagan niya si Emmanuel para sabihing parating siya. Kinapa niya ang cell phone sa bulsa ng pantalon niya.

To his dismay, wala roon ang cell phone, maging sa kabilang bulsa ay wala rin. Marahil ay naiwan

niya dahil sa pagmamadali. Bibilisan sana niya ang pagmamaneho nang mula sa kaliwa niya ay may humagibis na motorsiklo. Hindi niya napansing kasunod niya ito at tila may balak pang i-overtake siya.

Napatingin siya sa side mirror ng sasakyang minamaneho. Kung hindi siya nagkakamali, isang *Harley-Davidson Electra Glide* ang motorsiklo. Vintage motorcycle ito. Pero hindi ang mamahaling motorsiklo ang nakatawag ng pansin niya kundi ang rider nito.

The woman on the bike captured and held his gaze. She was wearing black pedal-pushers, a white sweatshirt, and white sneakers. Her long dark brown hair whipped about in the wind like long fingers of liquid flame.

“Damn!” Matt muttered under his breath. “She is beautiful!” may kalakasan niyang nasambit.

He was a lover of beauty and he loved what he saw at the moment—isang babaeng mahusay sa motorsiklo. She was driving with a hell-may-care attitude. Para siyang namamalikmata. At mamaya pa ay nalampasan na siya nito.

Why am I sitting here like some brainless jerk with his fingers stuck in his mouth? he asked himself.

Hahabulin niya ang babae para muling masilayan ang kagandahan nitong pumitik sa kuryosidad niya.

Ang tunog ng sasakyan sa kanyang likuran ang nagpalingon kay Veronika. Papabilis ang takbo niyon na tila hinahabol siya. May balak bang makipagkarerahan ang driver ng sasakyan? Napangiti siya nang bahagya. She was accepting the challenge then. She slightly lifted her chin. Bahagya niyang binagalan ang motorsiklo at hinintay ang pagtapat ng sasakyan sa kanya.

Nagtataka si Matt kung bakit bumagal ang takbo ng motorsiklo. At nang magtapat na ang dalawang sasakyan, nalaman niya ang nais ipahiwatig ng babae. Her pure, flawless beauty nearly distracted him, but the infuriatingly smug smile that had flashed across those same perfect features reminded him to get a grip.

Typical female, he thought idly.

Kinokontra niya ang sariling humanga sa galing nito sa pagmo-motor, lalo na't matarik ang lugar.

“Let’s race!” naning niyang pahayag ng babae.

In a second or two, muling pinaharurot nito ang

motorsiklo at nagpakawala ng usok mula sa tambutso niyon.

“Damn!” mura ni Matt at napaubo. “Never let it be said that I disappointed a lady. If it’s a race you want, then it’s a race you shall get.”

Samantala, napakalakas ng kabog ng dibdib ni Veronika. Pakiramdam niya ay mas malakas pa iyon kaysa sa tunog ng motorsiklo ng Kuya Alex niya. How she loved a challenge! Natutuwa siya dahil may isang tao rito sa Libacao na handang sakyan ang trip niya.

She was referring to the man behind the steering wheel. Hindi niya nakita nang mabuti ang mukha nito dahil nakasuot ito ng malaking aviator sunglasses at Fedora hat na bahagyang nakatabing sa mukha nito. Kahit ano pa ang mukha ng lalaking iyon ay wala siyang pakialam. The hell she cared!

Talagang natutuwa siya sa nangyayari. Hindi niya akalaing magkakaroon siya ng adventure sa araw na iyon. Pauwi na siya mula sa paglilwaliw niya sa Kalibo. Napahalakhak siya nang malakas nang maisip kung ano ang magiging reaksyon ng Lola Kristina niya kapag nalaman nitong tumakas siya.

“Hell! The little vixen is loving every moment of this!” Matt exclaimed. Nakita niya kung paano

humalakhak ang babae habang tila sinadya nitong hayaan ang hangin na paglaruan ang mahabang buhok nito. Mas binilisan nito ang pagpapatakbo ng motorsiklo na tila wala itong pakialam kung mahuhulog man ito sa bangin sa gilid ng matarik na daan.

This is taking fun too far, he thought after a while.

Nakaramdam siya ng concern para sa kaligtasan ng babae sa unahan niya. Sobra na ang bilis ng pagpapatakbo nito. Kailangang maabutan niya ito at paalalahan itong hindi safe ang pakikipagkarera lalo na at paliku-liko ang daan pataas ng bundok. It was now up to him to save the day before the silly girl broke her lovely neck.

Tanaw na ni Veronika ang mataas na gate ng *Villa Santiago*. Nilingon niya ang sasakyan, humahabol pa rin iyon sa kanya. Nagtatanong ang isipan niya nang sandaling iyon kung doon din ba ang sadya ng lalaki.

Well, her opponent proved worthy of the race, and there was no way she would slow down just to ascertain her undisputed victory.

Malapit na lang ang agwat nila, pero, hindi siya magpapatalo. She was going to win! Bahala nang mapagalitan siya ng lola niya kapag nakita siya

nitong humahagibis papasok ng villa. Ang mahalaga ay manalo siya sa pakikipagkarera.

Pagpasok na pagpasok niya sa gate ng villa ay nakarinig siya ng napakalakas na kalabog sa likuran niya. Inihinto niya ang motorsiklo at paglingon niya kitang-kita niya ang sasakyang bumubuntot sa kanya na bumangga sa malaking puno ng acacia sa gilid ng daan.

“My God!” bulalas niya habang nakatanaw sa sasakyan. “Ano kaya ang nangyari sa lalaking iyon?” Bumangon ang matinding pag-aalala sa dibdib niya nang lumipas ang ilang segundo na walang lumalabas sa sasakyan.

Nayupi ang unahang bahagi niyon dahil sa matinding impact ng pagbangga. Pinaikot niya ang motorsiklo at binalikan ang sasakyan.

May nakakairitang tunog sa loob ng tainga ni Matt, pabalik-balik ang ingay na iyon na para bang tinatambol ang loob ng ulo niya. It was far worse than any hangover he could remember.

No, he thought slowly, I don't think I have been drinking.

Pilit niyang inalala ang mga nangyari. Naalala niyang nagda-drive siya patungong Libacao. Bumalik sa balintataw niya ang isang motorsiklo—at isang babae—a lovely, fiery-haired creature. At nagkarera silang dalawa. Hanggang sa bumangga siya sa malaking puno ng acacia.

Ang pinakahuling alaala niya bago siya nawalan ng malay ay ang paglapit ng babaeng sinusundan niya sa kanyang kotse. Ngayong nakahiga siya sa isang hindi pamilyar na kama sa loob ng hindi rin pamilyar na kuwarto, naisip niyang marahil ay humingi ng tulong ang babae para madala siya sa bahay nito.

Maingat na muling binuksan niya ang mga mata, pero tanging ang kulay puting kisame lang ang nakikita niya. Narinig niya ang boses ng dalawang babae na tila nagtatalo. Pakiramdam niya, bugbog na bugbog ang buong katawan niya dahil sa tinamong aksidente. Kumusta na kaya ang sasakyan niya? Tiyak na malaki ang babayaran niya sa rent-a-car company.

“You are being ridiculous, Cheche!” narinig niyang saad ng isa habang palapit ang mga yabag sa kinaroroonan niya. “Narinig mo ang sinabi ng doctor kanina, di ba? Hindi maaaring galawin ang lalaking ito. Dahil hindi pa natin alam kung gaano kalubha ang kalagayan niya.”

Gaano ba kalubha ang kalagayan ko? tanong niya sa sarili.

“Kung hindi natin gagalawin at ililipat sa ibang kuwarto ang lalaking ’yan, sabihin mo ngayon sa akin kung saan ka matutulog ngayong gabi?” narinig niyang sabi ng isa pang babae.

Hindi niya napigilan ang sariling sumali sa usapan ng mga ito. “Bakit hindi na lang kayo mag-usap sa labas at hayaan na lang ninyo akong mamatay nang tahimik dito? Hindi ba ninyo alam na nakakaistorbo kayo?” nakapikit niyang komento. Naiirita siya sa ingay ng mga ito.

“How dare you!” muli niyang narinig ang tinig ng naunang babae na pakiramdam niya ay nakatingin sa kanya. “Huwag kang sumali sa usapan namin...” Tumigil ito sa pagsasalita. “Oh, my goodness, Cheche! Gising na siya! Cheche, bilisan mo, baka maabutan mo pa si Dr. Arellano. Sabihin mo sa kanyang gising na ang pasyente.”

“Hindi puwedeng iwanan kitang mag-isa dito kasama ang lalaking ’yan,” protesta na tinawag na Cheche. “Hindi natin siya kilala.”

“C’mon, Cheche,” anang una, “Hindi ito ang oras para mag-isip ng ganyan. Hindi mo ba nakikita

ang kalagayan niya? Bugbog ang katawan niya at may bukol siya sa noo na kasinlaki ng santol. Paano ako gagawan ng masama niyan, eh ni hindi nga makakabangon 'yan. Now, go!”

Mamaya pa ay narinig na ni Matt ang pagsarado ng pinto. Maingat na kinapa niya ang bandage sa ulo niya sabay-pikit.

“Stop touching that bandage!” narinig niyang malakas na saway ng babae. “At huwag kang gumalaw. You’ve had an accident and you are badly hurt. Although I must say, na sa pinsalang natamo ng sasakyan mo, mukhang kulang pa iyang nangyari sa 'yo.”

At ano ang ibig sabihin ng babaeng ito?

Iminulat niya ang mga mata at itinutok ang mga iyon sa paanan ng kama kung saan naaninag niya ang pigurang nakapamaywang sa harapan niya. Hindi klaro ang tingin niya, pero sapat para makilala niyang ang babaeng ito rin ang kalaban niya sa karera kani-kanina lang.

“Black... my favorite color,” bulong niya sa sarili habang nakatingin sa itim na pedal pushers nito.

Bumukas ang pinto at muling pumasok ang babaeng inutusang humabol sa doktor.

“Hindi ko na naabutan si Dr. Arellano,” anito. “Nakaalis na raw sabi ni Manang Ester. Lalabas ulit ako at titingnan ang niluluto ko. Huwag na huwag kang lalapit sa lalaking ’yan, Ma’am Veronika,” bilin nito at muling lumabas.

Veronika? naisip ni Matt?

What a beautiful name for a drop-dead gorgeous girl! There was something about her that tugged at invisible strings in his heart. Biglang pumasok sa isipan niya ang mukha ni Francine. Damn. Tiyak na hinihintay na siya ng girlfriend niya. Hindi niya natawagan ito dahil sa pagmamadali. At nagi-guilty siya na nabibighani siya sa kagandahan ng babaeng nasa harapan niya ngayon. He silently cursed himself for being overwhelmed about Veronika’s enticing good looks.

3

Umikot si Veronika sa gilid ng kama para tingnang mabuti ang lalaki. Kahit nakahiga, hindi maitatangi na matangkad ito. His shoulders, hidden beneath the white linen blanket, were quite broad, definitely more muscular in form than those of her brother Karl, who had always been the model against whom she'd measured all other men.

So this man was tall, dark... and definitely handsome. Natatakpan ng bandage ang buhok nito. Kakulay niyon ang isang gabing walang bituin. His eyes reminded her of two chips of hard, black coal. Sa tingin niya ay lampas treinta na ang edad nito, mas matanda kung titingnan kumpara sa Kuya Karl niya na youthful-looking pa din sa edad na thirty-three.

No, the man was nothing like Karl or Kris and Kirk or, for that matter, anyone of her acquaintance. The man exuded power, even lying there motionless beneath the covers, and he had the air of one who was used to giving orders. Kumbinsido siyang sa kalagayan nito ngayon ay helpless ito. Naaawa siya rito, lalo't naiisip niya ang sitwasyon sakaling nagkapalit sila ng kalagayan.

Because she had been reckless, too, while challenging him to a race. Dangan lamang at hindi niya naiisip ang disgrasya habang nakasakay siya sa motor kanina. She felt partly responsible for his present condition.

Maingat niyang itinaas ang kumot nito. Mabuti na lang at pagdating niya ng bahay kanina para humingi ng saklolo ay wala ang lola niya at pumunta umano ng Guimaras para sundan ang Kuya Alex niya. Kaya malaya siyang nakakagalaw sa loob ng bahay. Isang malaking disaster kapag nalaman ng lola niya ang nangyari at iniuwi pa niya sa kanila ang lalaki. Tiyak na magsusumbong ito sa papa niya, at kapag nangyari iyon, matatalo siya sa agreement nila ng ama.

Gumalaw ang lalaki at nagmulat ito ng mga mata.

“Pasensya ka na sa ingay namin ni Cheche,” aniya. “Nagising ka tuloy. But I assure you, sinabi ng doctor na magiging maayos rin ang kalagayan mo sa susunod na mga araw. So you don’t have to worry.” Pinilit niyang maging mabait dahil iniisip na niya ang mga consequences sa oras na malaman ng ama ang nangyari.

“That’s a relief,” mahinang saad nito. Bahagyang

napaigtad si Veronika nang hawakan nito ang braso niya. Pero hindi siya pumalag. “Pagpasensyahan mo na rin ang sinabi ko kanina. I do believe I am not quite myself—whoever I might be. Wala akong maalala.”

Nanlaki ang mga mata ni Veronika. Tama ba ang naririnig niya? “Sigurado ka bang hindi mo naaalala kahit pangalan mo man lang?”

Kitang-kita ni Matt ang panlalaki ng mga mata ni Veronika. Na para bang na-shock ito nang sabihin niyang wala siyang naaalala sa mga nangyari at sa pagkatao niya. Hindi niya intensyong magsinungaling dito. Pakiramdam niya lang, kapag nagsabi siya ng totoo ay may posibilidad na maging kumplikado ang sitwasyon. Because he felt inexplicably drawn to her. At hindi maganda iyon dahil may nobya na siya.

“No, wala akong maalala, not a thing,” pagkuwa’y kumpirma niya. He lowered his eyelids and tried his best to look pitiful. Hindi sana siya naaksidente kung hindi sila nagkarera. Dahil liku-liko ang daan at hindi siya pamilyar sa lugar, hindi niya alam na mayroong palang malaking puno ng acacia sa gilid niyon. Nawalan siya ng control sa manibela kaya nabangga ang sasakyan niya. Dahil sa kalagayan niya ngayon, naantala ang pagpunta niya sa Rosal. At maging ang

pag-uwi niya ng Bacolod ay na-delay rin. “Sa tingin ko, kapag sinabi mo sa akin kung bakit ako nasa ganitong kalagayan at kung saan ako naroroon baka may maalala ako,” pagsisinungaling niya.

Binawi ni Veronika ang braso nito na hawak niya. “Nandito ka ngayon sa bahay ng Lola Kristina ko sa *Villa Santiago*. Dito sa Libacao, Aklan.”

“Libacao?” aniyang napangiwi na para bang hindi niya ugaling magpunta sa ganoon ka-remote na lugar. “Siguro, napadaan lang ako dito. Kahit hindi ako sigurado kung sino talaga ako, may pakiramdam akong hindi ako madalas pumunta sa bulubunduking lugar gaya nito.”

“Not all of us have the option where to stay,” mapait nitong sagot. “Pero hindi naman ganoon kasama ang lugar na ito. Isa pa, mababait ang mga tao dito,” defensive nitong dagdag.

“Kung ganoon hindi ka rin tagarito?” She really intrigued him, and he certainly admired her spunk.

Tumango ito. “Actually, mga ilang araw pa lang ako dito. I would be here until next month. You know what, inakala kong mabo-bore ako sa pananatili ko dito, pero binago iyon ng nangyaring aksidente sa ’yo. Wala dito ang Lola ngayon, kaya ako ang in-charge sa

pag-aalaga sa 'yo hanggang sa bumuti ang kalagayan mo. It is only fitting since I am her granddaughter.”

Tumango siya na wari ay naiintindihan niya ang ibig nitong sabihin. “Ngayon sabihin mo sa akin kung ano talaga ang totoong nangyari. Was there a vehicular accident? You mentioned something about my... my car?”

Bahagyang umatras ang babae. “Nabangga sa puno ng acacia ang sasakyan mo malapit sa gate ng villa. Mister... well, I don't know your name. Sa tingin ko, kailangan mo nang magpahinga para manumbalik ang lakas at memorya mo. So, for now, don't dwell on the details of the accident too much, okay?”

Matt knew a guilty conscience when he heard one, so he pushed on. “You perhaps witnessed the accident, Miss. Nahihirapan ako sa kalagayan ko ngayon. Sana ay sabihin mo sa akin kung ano pa ang mga nangyari para hindi na mas lalong gumulo ang isipan ko.”

Mataman niya itong tinititigan, halatang hindi mapakali ang babae. Her long unbound hair seemed to have a life of its own as it swirled about her head, and her beautiful, darkly lashed eyes were suddenly two sparkling black pearls. She was, he decided appreciatively, a very *female* female—all fire and

emotion.

Nagbilang muna sa isip si Veronika hanggang sampu, remembering her promise to be good. Nang dinala ng mga tauhan ng villa na hiningan niya ng saklolo kanina ang walang malay na lalaking ito, ay tahimik siyang nagdasal na sana ay walang masamang mangyayari rito. Hindi niya gustong mabahiran ng dugo ng lalaking ito ang mga kamay niya. Nag-promise siya sa Panginoon na kung ililigtas Nito ang buhay ng lalaki, magpapakabait na siya at titigilan na niya ang mga childish pranks niya. Inaamin niyang may kontribusyon siya sa nangyari. Hindi sana naaksidente ang lalaki kung hindi niya ito hinamong makipagkarera. She even promised that if the man would be all right, she would nurse him back to health as penance for her sins. Lalo pa at hindi siya maaaring magkamali alang-alang sa kasunduan nila ng papa niya. It would cost her her happiness.

“It wasn’t my entire fault!” she blurted out.

“Your fault?” nalilitong tanong ng lalaki. “May kinalaman ka dito? What the...”

“Don’t interrupt me!” pigil niya sa anumang sasabihin nito. Hindi na niya kayang magtimpi.

Sasabog na siya. “Bago pa man kita hinamon na makipagkarera, sunod ka na nang sunod sa akin, for heaven’s sake. Hinabol mo ako. Nang malapit na tayo sa gate ng villa, nauna ako sa ’yo. Nagulat na lang ako nang marinig ko ang malakas na kalabog at nang lumingon ako nakabangga na ang sasakyan mo sa puno. Ang akala ko naman dahil humahabol ka sa akin, pamilyar ka sa mga kalsada dito. Pero hindi pala.”

“May pakiramdam akong hindi ako tagarito.”

“Siguro nga. Pero nakipagkarera ka sa akin kahit pa alam mong hindi ka pamilyar sa lugar. Hinahabol mo ako. So how was I to know you were just being stupid?” Hindi na nga niya maitatago ang pagkairita.

“So, sa tingin mo, talagang kasalanan ko ang nangyari?” Malumanay ang tinig ng lalaki pero mas ikinainis niya iyon. “Do you suppose I deserve what happened to me? At sa tingin mo, kulang pa ’tong inabot ko dahil pinatulan ko ang makipagkarera sa ’yo?”

Umikot ang mga mata niya. “Kung alam mo lang, dinagdagan mo pa ang problema ko dahil sa aksidente mo. I have enough on my plate already. You come along and make my life even more complicated. Let me tell you this, Mr. Whatever Your Name Is.

Kahit pa akuin ko ang lahat ng sisi dahil sa nangyari sa 'yo, at akuin ang responsibilidad na alagaan ka hanggang sa gumaling ka at malakas na para umalis dito sa villa, may isang bagay na gusto kong klaruhin sa 'yo: I will not like it. Hindi ko nagugustuhan ang mga nangyayari. At hindi ko gugustuhin 'to. Not one single bit!" At walang lingon-likod na lumabas siya ng kuwarto.

Hindi niya nakita ang pagsilay ng isang makahulugang ngiti sa mga labi ng lalaking nakaratay sa kama.

Nakabaluktot ang pagod na katawan ni Veronika sa isang *Sheraton* chair sa guest room. Doon na siya natutulog. Dahil makalipas ang dalawang araw matapos ang aksidente ay hindi pa rin nakakabangon ang lalaki. At sa loob ng mga araw na iyon ay hindi na siya nakakalabas ng villa dahil sa ginawa siyang personal nurse nito. Hindi pa rin umuuwi ang lola niya. Nakiusap siya kay Manang Ester at sa iba pang kawaksi na huwag magsusumbong sa lola niya.

Ngayon, gusto niyang bawiin ang ipinangako niya sa Panginoon. She had been reckless and impulsive in making her promises. Sa paglipas ng dalawang araw ay nalaman niya kung gaano ka-obnoxious

ang pasyente niya. At mukhang sinasadya nitong pahirapan siya.

“Bigyan mo ako ng bagong kumot’, ‘Pakiinit nitong sabaw’, ‘Pakiayos ng unan sa likod ko,’” tila nagsusumbong na panggagaya ni Veronika sa mga iniutos sa kanya ng lalaki. Kausap niya si Cheche. “Alila ang tingin niya sa akin, Che. Iniaasa niya ang lahat sa akin. Kulang na lang sabihin niyang ako ang ngumuya ng sarili niyang pagkain.”

“Ikaw naman kasi, Ma’am, inako-ako pa ninyo ang responsibilidad na alagaan ang lalaking iyon,” paninisi pa nito.

“Nakakainis siya!” Tumayo siya. “Ipinatawag niya ako kay Manang Ester kaninang umaga dahil kailangan raw niyang uminom ng gamot. As if hindi puwedeng si Manang Ester ang magpainom sa kanya. Anyway, nang pumasok ako ng kuwarto, pinagsabihan niya ako na uli-uli huwag kong kakalimutang painumin siya ng gamot. Sobrang nainis ako, tinanong ko siya kung bakit hindi na lang siya ang magpainom sa sarili niya? Alam mo ba kung ano’ng sinabi niya?”

Umiling ang napapangiting si Cheche. “Hindi pa.”

“Well, sinabi niya sa akin, na mas nagiging

maganda ang lasa ng gamot kapag ako ang nagpainom sa kanya. The nerve!”

Natawa si Cheche. “Pero, Ma’am, aminin ninyo na guwapo siya.”

Saglit siyang natigilan.

Kung guwapo ang pag-uusapan, aaminin niyang naguguwapuhan siya rito. Pero, sobrang napakaantipatiko nito at dahilan pa para malagay sa kompromiso ang pagkapanalo niya sa kasunduan nila ng papa niya. Kapag natalo siya sa kasunduan, hinding-hindi niya mapapatawad ang lalaking iyon na hanggang ngayon ay hindi pa niya alam kung ano ang pangalan.

Pinili niyang ibahin ang usapan. “Mas dumami pa tuloy ang problema ko. Ang pag-aalaga sa antipatikong iyon at ang kasunduan namin ni Papa. Naku, kapag nakarating kay Papa ang tungkol dito, tiyak na bukas na bukas din ay ipapasundo niya ako dito at hihintayin namin ang pagdating ni Stan! No way! No way! Timing na wala dito ang Lola dahil kapag narito iyon, tiyak, first day pa lang balik-Iloilo na tayo.” For the first time in her life since coming to Libacao, ayaw niyang iwanan ang lugar.

Dahil isa lang ang ibig sabihin niyon: talo siya

sa kasunduan nilang mag-ama.

“Ma’am Veronika, bakit hindi ninyo suwayin ang mga iniuutos niya sa inyo kahit minsan lang?” Kumindat pa si Cheche. “Para malaman niya na hindi ka niya hawak sa leeg. Kahit may pananagutan kayo sa nangyari sa kanya, hindi ibig sabihin n’un na puwede ka niyang alilain.”

Muli siyang natigilan, tumingala sa kisame at tumawa nang malakas kapagkuwan. “Alam mo, Che, may punto ka. Tingnan ko lang ang mukha ng lalaking iyon kapag nanggalaiti siya sa inis dahil sa pagtangga ko,” aniya. Pero, mayamaya ay tumigil din siya. “Che, paano kung talagang kailangan niya ng tulong ko? Paano kung talagang nahihirapan siya? Kawawa naman ’yong tao, hindi pa rin bumabalik ang alaala niya. Ni walang nakitang ID o wallet sa loob ng sasakyan niya. Ni wala ngang kapera-pera ang lalaking iyon. Besides, nangako ako sa Panginoon. Nakakahiya sa Kanya kapag hindi ko sinunod iyon.”

Magsasalita pa sana si Cheche nang may kumatok sa pinto. Pumasok na sa kuwarto si Manang Ester.

“Ma’am Veronika,” sabi ng may-edad na babaeng katiwala ng Lola Kristina niya. “Ipinapatawag kayo ng pasyente ninyo.”

Nagkatinginan silang dalawa ni Cheche. Nakikita niya sa mga mata nito ang pagpoprotesta. Itinaas niya ang dalawang kamay at tumayo siya. “Che, sa tingin ko, kahit once lang ay susubukan ko ang suggestion mo.”

Kasama niyang lumabas ng kuwarto si Manang Ester.

Ngiting-ngiti si Matt habang hinihintay ang pagdating ni Veronika. Bumubuti na ang pakiramdam niya pero kapag nasa harapan niya ang babae ay umaakto siyang mahina pa rin. Nagugustuhan niya ang pag-aalaga nito sa kanya. Inaamin niyang kasalanan ang ginagawa niyang pagkukunwari pero nag-e-enjoy pa siya sa pagsasama nila nito. Mas nasisiyahan siya kapag nakikita niya ang pagkainis sa mukha nito kapag may ipinapakiusap siya rito.

Veronika Herrera was stunningly beautiful, and he liked her strong personality.

Hindi pa niya natatawagan si Emmanuel. Pero nananakit pa ang buong katawan niya at mahihirapan siyang gawin ang anumang bagay sa kalagayan niya ngayon. Habang nakaratay pa siya rito sa kabundukan ng Libacao, he needed to find amusement. And

Veronika was giving it to him for two days straight now. And he enjoyed every minute of it.

Bumukas ang pinto at iniluwa niyon si Veronika. She reminded him of a fresh spring breeze, blowing briskly into the room. Hell, the woman was really beautiful, she could take his breath away!

“There you are at last,” aniya. “Alam mo bang kanina pa kita hinihintay? Sana ay hindi kita naabala sa kung anumang ginagawa mo.”

“Ano ang kailangan mo?” tanong nito na hindi man lang lumalapit sa kanya. “Tapos ka nang uminom ng gamot at nakapananghalian ka na, sa tingin ko naman ay tama lang ang ginawang paghahanda ni Manang Ester ng lunch mo, kaya wala kang dapat na ireklamo sa akin. Siguro kailangan mo si Manong Pablo,” sarkastiko nitong saad.

Si Manong Pablo ay ang asawa ni Manang Ester na siyang hardinero sa villa.

“Wala akong ibang kailangan kundi ikaw,” aniya at malapad na ngumiti. Talagang natutuwa siya kapag naiinis ito. Lalo na kung magkasalubong ang mga kilay nito. “Mas gusto kong ikaw ang parating nasa tabi ko. I feel safer. Di ba, ikaw na rin mismo ang nagsabing responsibilidad mo ang pag-aalaga

sa akin?”

Malakas na bumuntong-hininga ito. “What do you want now?”

“Puwede bang alalayan mo ako sa pag-upo dito sa kama? Gusto kong sumandal para makita ko ang magandang tanawin sa labas. Nangangalay na ang likod ko sa kahihiga lang dito.”

“Sandali, magpapatulong ako kay Cheche,” paalam nito na akmang lalabas ng pinto.

“Don’t! Gusto kong ikaw na ang gumawa. Don’t worry, hindi ako ganoon kabigat. Come on.”